Serbisyong Probasyon (Probation Service)

- Paglalarawan ng Serbisyo

Ang Serbisyong Probasyon (Probation Service) ay isang programa sa loob ng komunidad kung saan, ayon sa Ordinansa sa Pagbibigay ng Probasyon sa mga Nagkasala (Probation of Offenders Ordinance), Kabanata 298, ang isang nagkasala ay sumasailalim sa pangangasiwa ng isang opisyal ng probasyon (probation officer o PO) sa loob ng 1 hanggang 3 taon. Ang pinaka-mahalagang layunin ng serbisyong probasyon ay ang matulungan ang mga nagkasala na makasama at makilahok muli sa komunidad bilang isang mamamayan na sumusunod sa batas.

- Layunin

Ang mga layunin ng serbisyong probasyon ay-

(a) maghain ng rekomendasyon sa korte sa pagiging angkop ng mga nagkasala na mailagay sa ilalim ng Kautusan ng Probasyon (Probation Order) o Kautusan ng Pagbibigay Serbisyo sa Komunidad (Community Service Order);

(b) ipatupad ang direktiba ng korte sa paggagamot at rehabilitasyon ng mga nasa pangangasiwa ng probasyon;

(c) tumulong sa paggawa ng positibong pagbabago sa kanilang ugali at kilos;

(d) pagbutihin ang kanilang kapabilidad na makaraos sa buhay at iwasan na magkasala muli;

(e) palakasin ang suporta ng pamilya sa proseso ng rehabilitasyon;

(f) gamitin ang yaman ng komunidad upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga nagkasala na inirekomenda ng korte, at kung kinakailangan, ng mga miyembro ng kanilang pamilya.

- Katangian ng Serbisyo

(a) Sa pagsisilbi sa korte, ang mga PO (CSO) ay maghahanda ng mga ulat bago ipataw ang sentensya, kasama dito, ay ang Ulat ng mga Opisyal ng Probasyon (Probation Officer's Reports), Ulat ukol sa Kaangkupan ng Kautusan sa Pabibigay ng Serbisyo sa Lipunan (Suitability Reports for Community Service Order), ulat hinggil sa progreso ng mga nasa probasyon at ulat hinggil sa kapakanang panlipunan sa mga matagalang

bilanggo at mga petisyon na kaso.

(b) Ang mga serbisyo na ibinigay para sa mga nasa ilalim ng probasyon ay superbisyon ayon sa batas, personal na pagtuturo at paggabay sa pamilya sa pamamagitan ng regular na panayam, pagbisita sa tirahan nila at iba pang mga gawain sa panahon ng kanilang probasyon.

(c) Kung naangkop, ang mga nagkasala, mga nasa ilalim ng probasyon at ang kanilang pamilya ay inirekomenda sa mga inaprubahang institusyon na pinapatakbo ng Kagawaran o mga residensyal na tirahan para sa mga bata at mga kabataan na may problemang emosyonal/pag-uugali na pinapatakbo nga mga non-governmental organization, mga kaugnay na yunit o mga ahensya para sa sikolohikal na paggamot, kapakanang serbisyo at iba pang mga serbisyo tulad ng Sistema ng Pagboboluntaryo para sa mga nasa ilalim ng Probasyon (Volunteer Scheme for Probationers) at Opisina ng Suportang Serbisyo sa Komunidad (Community Support Services Centre).

- Tinutukoy na Grupo

Ang mga tinutukoy na grupo ay ang mga nagkasala na:

- inirekomenda ng korte para sa panlipunang pagsisiyasat;
- inutusan ng korte na sumailalim sa superbisyon ng probasyon;
- nakatapos ng kautusan ng probasyon ngunit handang tumanggap ng boluntaryong superbisyon hanggang tatlong buwan;
- tinatapos ang kanilang sentensya sa loob ng bilangguan habang hinihintay ang petisyon o habang sumasailalam sa pagsisiyasat; o
- inirekomenda ng korte para sa kapakanang tulong o iba pang propesyonal na ulat.

- Listahan ng mga Opisyal ng Probasyon

May 12 opisyal ng probasyon na nagsisilbi sa mga Korte Mahistrado, Korte Distrito sa Mataas na Hukuman (halimbawa, Korte ng Unang Dulugan at Korte ng Pag-apila). Ang listahan ng mga opisyal ng probasyon at ang kanilang mga address at telepono ay maaaring makuha dito Acrobat Doc MswordDoc

- Oras ng Opisina

(Lunes hanggang Biyernes): 8 : 45 a.m. to 6 : 00 p.m.
Sarado tuwing Sabado, Linggo, at Pista Opisyal

Listahan ng mga Opisina ng Probasyon (Probation Office)

Opisina ng Probasyon	Address	Tel no.	Fax no.
Mataas na Korte at Opisina ng Probasyon ng Korte Distrito	Room 335, 3/F., Wan Chai Tower I, 12 Harbour Road, Hong Kong	2582 4025	2582 4017
Opisina ng Probasyon 1 sa Silangan	Room 1226, 12/F, Eastern Law Courts Building, 29 Tai On Street, Sai Wan Ho, Hong Kong	2151 8142	2572 9214
Opisina ng Probasyon 2 sa Silangan	Room 206, 2/F., Western Magistracy, 2A Pokfulam Road, Hong Kong	2546 7973	2975 4613
Opisina ng Probasyon 1 sa Kowloon City	Room 404, 4/F, Kowloon City Law Courts Building, 147M Argyle Street, Kowloon.	2767 3143	2350 6207
Opisina ng Probasyon 1 sa Kowloon City	11/F., To Kwa Wan Government Offices, 165 Ma Tau Wai Road, Kowloon	2349 4931	2775 0548
Opisina ng Probasyon 1 sa Kwun Tong	8/F., Kowloon East Government Offices Building, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon	2349 5700	2775 2027
Opisina ng Probasyon 2 sa Kwun Tong	7/F., Kowloon East Government Offices Building, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon	2782 1727	2374 4057
Opisina ng Probasyon sa Shatin	Room 801, 8/F, Shatin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Shatin N.T.	2158 6711	2697 9652
Opisina ng Probasyon sa Fanling	Room 325, 3/F, Fanling Law Courts Building, 1 Pik Fung Road, Fanling, N.T.	2682 7573	2682 2916
Opisina ng Probasyon sa Tsuen Wan	13/F., 99 Plaza, 99 Tai Ho Road, Tsuen Wan, N. T.	2409 1076	2944 9946
Opisina ng Probasyon 1 sa Tuen Mun	4/F., Tuen Mun Government Offices, 1 Tuen Hi Road, Tuen Mun, N.T.	2451 3123	2404 1161
Opisina ng Probasyon 2 sa Tuen Mun	4/F., Tuen Mun Government Offices, 1 Tuen Hi Road, Tuen Mun, N.T.	2451 3134	2404 1161